# BIBLE STUDY

## Ezra 3:8-13

April 28-May 04

**PAGTUKLAS** **PAG-UNAWA** **PAGTUGON**



# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 3:8-13

- Pagtuklas
- Pag-unawa
- Pagtugon



# Ezra 3:8-13

Magandang Balita Biblia

8 Kaya't nagsimula na silang magtrabaho pagsapit ng ika-2
buwan ng ika-2 taon mula nang makabalik sila sa dating
kinatatayuan ng Templo ng Diyos sa Jerusalem. Sama-samang
nagtrabaho sina Zerubabel na anak ni Sealtiel, at Josue na anak
ni Jozadak, kasama ang iba pa nilang mga kababayan, gayundin
ang mga pari at Levita. Sa katunayan, kasama sa gawaing ito
ang lahat ng bumalik sa Jerusalem mula sa pagkabihag.
Inatasan nilang mamahala sa pagtatayo ng Templo ng Diyos
ang mga Levita na ang edad ay dalawampung taon pataas.

# Ezra 3:8–13

Magandang Balita Biblia

9 Ang mga nagtatrabaho sa pagtatayo ng Templo ng Diyos ay pinamahalaan nina Josue at ng kanyang mga anak at mga kamag-anak kasama sina Kadmiel at ang kanyang mga anak mula sa angkan ni Hodavias. Kasama rin ang mga anak ni Henadad, ang mga Levita at ang kanilang mga anak at mga kamag-anak.

# Ezra 3:8-13

Magandang Balita Biblia



10 Nang inilalagay na ng mga manggagawa ang pundasyon ng Templo ni Yahweh, pumuwesto na ang mga nakabihis na pari, hawak ang kanilang mga trumpeta pati ang mga Levita na anak ni Asaf, na hawak ang kanilang mga pompiyang. Nagpuri sila kay Yahweh ayon sa paraang itinuro ni Haring David ng Israel.

# Ezra 3:8-13

Magandang Balita Biblia

11 Nagsagutan sila sa pag-awit ng mga papuri at pasasalamat kay Yahweh. Ito ang kanilang inawit:

“Purihin si Yahweh sa kanyang kabutihan!
Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman.”

Malakas na isinigaw ng lahat ng tao ang kanilang papuri kay Yahweh sapagkat ang pundasyon ng Templo ni Yahweh ay inilagay na.

# Ezra 3:8-13

Magandang Balita Biblia

12 Marami sa matatandang pari, Levita at pinuno ng mga
angkan na nakakita sa unang templo ang umiyak nang malakas
habang sinasaksihan ang paglalagay ng pundasyon ng bagong
Templo. Marami ring tao ang sumigaw nang may kagalakan.
13 Dahil dito'y hindi na malaman kung alin ang sigaw ng
kagalakan at alin ang sigaw ng pag-iyak sapagkat ang ingay ng
mga tao ay napakalakas at dinig sa malayo.

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 3:8-13

" Bilang isang mananampalataya, pararangalan ko ang Diyos ng buong puso sa pamamagitan ng pagpapalago ng Kanyang Kaharian at pagtatayo ng ng aking spiritual na tahanan."

Pagkatapos bumalik ang mga Judio mula sa pagkabihag, inuna nilang maitayong muli ang altar. (v. 1-7). Ano ang sunod nilang pinagtuunan ng pansin?

**Pagtuklas 1**

Ezra 3:8-13

Sinu-sino ang mga bumuo o kasama sa muling pagtatayo ng Templo? Paano nila isinakatuparan ang kanilang gawain?



## Pagtuklas 2

Ezra 3:8-13

Ano ang ginawa ng mga pari pati na ang mga Levita pagkatapos nilang mailagay ang pundasyon ng Templo ni Yahweh? (vv. 10-11)



Pagtuklas 3

Ezra 3:8-13

Anong kahalagahan ang makukuha sa katotohanan na ang mga pari at Levita, kasama na ng ilang pang mga grupo, ay gumawa ng sama-sama na may harmoniya sa muling pagtatayo ng Templo?

Pag-unawa 1

Ezra 3:8-13

Sa paanong paraan nagsilbing isang katalista ng bagong pag-asa at muling pagkabuhay na spiritual sa mga Israelita ang paglalagay ng pundasyon ng Templo ng Diyos?

Pag-unawa 2

Ezra 3:8-13

Bakit sa palagay mo na yung mga mas matatandang pari, Levitaka at pangunahing namumuno sa unang Templo ay humagulhol nang makita nila ang pundasyon Bagong 'Templo samantalang yung iba naman ay sumisigaw sa kagalakan? Sa palagay mo ano ang may higit na pagpapahalaga ng Diyos?

# Pag-unawa 3

Ezra 3:8-13

Sa anong paraan mo mapapalago ang iyong espiritual na buhay at maitutugma ito sa Kanyang Kalooban at kaluwalhatian?

**Pagtugon 1**

Ezra 3:8-13

# Anong mga praktikal na hakbang ang iyong maisasagawa upang matulungan ang iba sa kanilang spiritual na buhay at paglago?

Pagtugon 2

Ezra 3:8-13

Paano ka magiging isang tagapagtayo o tagabuo para sa Diyos sa mga ministeryo ng ating iglesia ng naaayon sa pagtawag sa iyo at sa iyong kakayahan sa paglilingkod sa Kanya?

Pagtugon 3

Ezra 3:8-13


# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 3:8-13

" Bilang isang mananampalataya, pararangalan ko ang Diyos ng buong puso sa pamamagitan ng pagpapalago ng Kanyang Kaharian at pagtatayo ng ng aking spiritual na tahanan."

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 3:8-13



Pagtuklas



Pag-unawa



Pagtugon




Small Group Sessions
CLOSING PRAYER

# BIBLE STUDY

## Ezra 3:8-13

See You Next Week

PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON


KBCF
#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines
Worship Service Schedule: 9am
Livestream: Facebook and YouTube
kbcf.org.ph
KBCFofficial
KBCFamily
kbcf.office@gmail.com
0917-886-6650
8927-7420 | 8928-6584